## Ang Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng DCA

ay isang nakatalagang boses sa pamahalaan ng Lungsod para sa mga manggagawa. Inatasan upang tumulong sa mga madaling malinlang na mga manggagawa, tinatanggap ng OLPS ang aming kautusan na pagtuonan ang mga isyu na nakaaapekto sa mga imigrante, mga taong may kulay, at kababaihan sa lugar ng trabaho.

OLPS:

- **Pinapatupad** ang pangunahing mga munisipal na batas sa lugar ng trabaho.
- **Nagsasagawa** ng paunang pananaliksik, pagtulong, at edukasyon.
- **Bumubuo** ng mga patakaran na tumutugon sa umuunlad na ekonomiya at lakas ng trabaho.

NYC Consumer Affairs

*Pinoprotektahan at pinapahusay ng DCA ang pang-araw-araw na buhay pang-ekonomiya ng mga residente ng New York upang makalikha ng umuunlad na mga komunidad. Sa pamamagitan ng trabaho ng aming Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa, pinapalakas ng DCA ang mga pamilyang nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kagamitan at mapagkukunan na kanilang kailangan upang makamit ang pinansyal na kalusugan at balanse sa trabaho at buhay.*

Printed on 30% post consumer recycled paper 06/2017

## Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

### Halimbawang mga Kontrata

Nilikha ng DCA ang huwarang mga kontrata na sumusunod sa batas na maaaring pag-aralan ng mga kumakasundong partido at mga freelance worker. *Mangyaring bumisita sa nyc.gov/dca.*

### Mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Maliliit na Negosyo

Bumisita sa nyc.gov/business upang malaman ang higit pa tungkol sa karaniwang mga regulasyon sa negosyo at upang magamit ang mga mapagkukunan upang tulungan ang iyong negosyo.

### Mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Freelance Worker

Nag-aalok ang Lungsod ng libre at abot-kayang mga serbisyo, kabilang ang segurong pangkalusugan, pinansyal na pagpapayo, at paghahanda ng buwis, sa karapat-dapat na mga indibidwal. Maaari mong ituro ang iyong mga freelance worker sa mga mapagkukunan ng impormasyon na ito sa nyc.gov/dca.



# Kumakasundo Ka Ba ng mga Freelance Worker?

## Alamin ang Batas ng NYC

Tagalog | Tagalog

NYC Office of the Mayor

Consumer Affairs

Lorelei Salas
Commissioner

Kung kumakasundo ka ng isang freelance worker sa NYC, ikaw ay may legal na mga responsibilidad sa ilalim ng Batas na ang Malayang Pagtatrabaho ay Hindi Libre (Freelance Isn’t Free Act), na ipinatupad noong Mayo 15, 2017. Maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Patakaran & Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards) sa loob ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa batas.

Nilikha ng DCA ang buod na ito upang tulungan kang malaman ang tungkol sa mahahalagang mga karapatan at mapagkukunan ng impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, **tumawag sa 311** at magtanong tungkol sa “Freelance Workers” o bumisita sa **nyc.gov/dca**

## Sino ang Sakop na Kumakasundong Partido?

Ang **kumakasundong partido** ay sinuman, maliban sa entidad ng pamahalaan, na kumakasundo ng freelance worker.

## Sino ang Sakop na Freelance Worker?

Ang **freelance worker** ay sinumang indibidwal na kinakasundo o pinapanatili bilang isang independyenteng kontratista na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kabayaran. Ang ilan sa pinakakaraniwang mga industrya para sa mga freelance worker ay kinabibilangan ng:

- film at video
- graphic at web design
- pangongontrata at pagkukumpuni ng bahay
- media
- pagkuha ng mga larawan
- pagsasalin ng wika

*Mga eksepsyon:*

Ang ilang mga kinatawan ng pagbebenta, abogado, at lisensyadong medikal na propesyunal ay hindi kasama sa pakahulugan ng freelance worker.

Ang batas ay karaniwang hindi naaangkop sa trabahong ginawa sa ilalim ng magkakasamang kasunduan ng pagkaunawaan na nagtatakda sa mga manggagawa bilang mga empleyado.

**Empleyado o independyenteng kontratista?**

Legal na “independyenteng kontratista” man o “empleyado” ang isang manggagawa ay nagdedepende sa iba’t ibang mga salik at kalikasan ng kasunduan sa trabaho. Mangyaring bumisita sa **nyc.gov/dca** para sa mga mapagkukunan ng impormasyon upang tulungan kang maunawan kung ikaw ay gumagamit ng tamang klasipikasyon ng trabaho para sa iyong mga manggagawa. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa DCA sa **freelancer@dca.nyc.gov** kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa klasipikasyon ng trabaho. **Gayunpaman, hindi nagbibigay ng legal na payo ang DCA.**

## Mga Responsibilidad Mo

**Sakop ng batas ang mga freelance worker hindi alintana ang kanilang katayuan sa imigrasyon.**

### Nakasulat na Kontrata



Ang lahat ng mga kontratang nagkakahalagang $800 o mahigit ay dapat na nakasulat. Kabilang dito ang lahat ng mga kasunduan sa pagitan mo at ng freelance worker na umaabot sa halagang $800 sa anumang 120-araw na panahon. Ang mga nakasulat na kontrata ay dapat nagpapaliwanag ng trabahong isasagawa; ang bayad para sa trabaho; at ang petsa ng pagbayad. Dapat magtabi ka at ang freelance worker ng kopya ng anumang nakasulat na mga kontrata.

### Napapanahong Pagbabayad



Dapat magbayad ka sa freelance worker para sa lahat ng nakumpletong trabaho. Dapat kang magbayad sa o bago ang petsa na nasa kontrata. Kung walang petsa ng pagbayad sa kontrata, dapat magbayad ka sa freelance worker sa loob ng 30 araw pagkatapos makumpleto ang trabaho.

### Walang Pagganti



Ilegal na parusahan, pagbantaan, o itakwil ang mga freelance worker dahil ginamit nila ang kanilang mga karapatan.

### Mga Reklamo




Ang freelance worker ay maaaring magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards) ng DCA. Aabisuhan ka ng DCA kung may reklamong isinampa laban sa iyo. Dapat tumugon ka sa abiso ng reklamo sa pamamagitan ng isang sulat sa loob ng 20 araw. Kung hindi ka tumugon at kung ang freelance worker ay magsampa ng sibil na aksyon sa korte, ipagpalagay ng hukom na gumawa ka ng mga paglabag. *Kung mayroon kang mga katanungan, mag-email sa freelancer@dca.nyc.gov.*

### Sibil na Aksyon



Maaaring magsampa ang freelance worker ng sibil na aksyon sa korte para sa mga paglabag sa batas. Kung mapag-alaman ng korte na lumabag ka sa batas, maaari kang managot para sa danyos—dobleng danyos para sa huli sa oras na pagbayad o hindi pagbayad; karagdagang danyos para sa kabiguang magbigay ng nakasulat na kontrata o pagganti—dagdag pa ang mga bayad at gastos sa abogado.